**Para sa mga anak ng mga dayuhang mamamayan na nais magpatala sa Elementarya at Junior High School sa Lungsod ng Kawasaki**

Kung nais ninyong magpatala ng inyong anak sa elementarya o junior high school sa Lungsod ng Kawasaki, mangyaring alamin ang mga sumusunod.

## ◎ Kwalipikasyon sa pagpasok

Elementarya — Mga batang ipinanganak mula Abril 2, 2018 hanggang Abril 1, 2019.

Junior High School — Mga batang inaasahang magtatapos sa elementarya sa Marso 2025.

※ Ang lahat ng mga bata ay maaaring magpatala hindi alintana kung mayroon o wala silang status of residence.

## ◎ Pamamaraan at lugar ng pagpapatala

1 Mga bagay na kinakailangan para sa pamamaraan ng pagpapatala

・Enrollment application form (makukuha sa ward office at branch office ng ward)

Isulat ang pangalan nang tulad sa nakasulat sa residence card o sa special permanent resident certificate.

Mangyaring magdala ng mga dokumentong makapagpapatunay sa iyong tirahan at edad.

※ **Ang mga batang inaasahang magtatapos sa elementarya sa Lungsod ng Kawasaki ay hindi kailangang mag-apply.**

2 Lugar ng pagpapatala (mapagtatanungan)

Ward office (Citizens Division Resident Records Section 2), branch office ng ward (Citizens Center Enrollment Section) kung saan ka nakatira.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kawasaki Ward Office | Tel. 044-201-3141 | Takatsu Ward Office | Tel. 044-861-3161 |
| Daishi Branch Office | Tel. 044-271-0138 | Miyamae Ward Office | Tel. 044-856-3141 |
| Tajima Branch Office | Tel. 044-322-1970 | Tama Ward Office | Tel. 044-935-3152 |
| Saiwai Ward Office | Tel. 044-556-6615 | Asao Ward Office | Tel. 044-965-5121 |
| Nakahara Ward Office | Tel. 044-744-3172 | | |

Magpatuloy sa likod

## ◎ Panahon ng pagpapatala

Ang aplikasyon para sa pagpapatala ay tinatanggap anumang oras, ngunit kapag papasok sa elementarya ay mayroong pamamaraan para sa health check up sa panahon ng pagpapatala, kaya mangyaring mag-apply ng maaga.

## ◎ Pamamaraan para sa health check up sa paaralan

Para sa mga nais magpatala sa elementarya sa Lungsod ng Kawasaki, magkakaroon ng health check up sa mga paaralang elementarya sa pagitan ng Nobyembre 1 (Biyernes) at Nobyembre 29 (Biyernes).

Kung nais na magpahealth check up, mangyaring tumawag sa numerong nakasulat sa ibaba.

Makaraan ang ilang araw, ipapaalam ang petsa, oras, at venue ng health check up sa pamamagitan ng sulat.

（Contact） Lupon ng Edukasyon, Dibisyon ng Kalusugan at Edukasyon

℡０４４－２００－３２９３

Lungsod ng Kawasaki, Lupon ng Edukasyon